BRIDGING COURSE: MALIKHAING PAGSULAT/ CREATIVE WRITING

Dr. Randy T. Nobleza

INTRODUKSYON

I. **MENSAHE NG PUNONG PATNUGOT**
RANDY T. NOBLEZA

DAGLI

KOMETA.....1
Ivan Rizada

MALIGAYANG PASKO.....1-2
Patrick Sadicon

NG DAHIL SA FACEMASK.....2-3
Kent Xavier Neri

ALARM.....3
Kent Xavier Neri

PRONTLAYNER.....4
Kent Xavier Neri

KAPANGANAKAN.....5
Emmanuel Matining

HIMIG NG KAPAYAPAAN.....5-6
Emmanuel Matining

BIRTHDAY SURPRISE.....6-7
Jovimae Murillo

SWERTE.....7

Shean Lyster Matining

KASALAN.....7-8

Shean Lyster Matining

UNDAS.....8

Den Mark Mediana

ACTIVITIES.....9

Den Mark Mediana

TAG-ULAN.....9-10

Den Mark Mediana

PAGNINILAY.....10

Maria Khristina Lagancia

ISTORYA KO ITO.....10-11

Keyth Maquimot

PANDEMYA SA ORAS NG KAARAWAN.....11-12

Edna Lanete

SERMON.....12

Mark Lorenz Dasal

TITIG.....13

Maria Camella Maming

TANAGA

DATI.....14

Kent Xavier Neri

PANDEMYA.....14

Kent Xavier Neri

FRONLINERS.....14

Kent Xavier Neri

PAALALA.....14-15

Kent Xavier Neri

DIYOS.....15

Kent Xavier Neri

KAALAMAN.....15

Emmanuel Matining

MALAYA.....15

Emmanuel Matining

HINAGPIS.....16
Emmanuel Matining

BUNGANG-TULOG.....16
Emmanuel Matining

AMIHAN.....16
Emmanuel Matining

BATA.....16-17
Jovimae Murillo

TALENTO.....17
Jovimae Murillo

LUNGKOT.....17
Jovimae Murillo

PINSAN.....17
Jovimae Murillo

VIRUS.....18
Shean Lyster Matining

BAKUNA.....18
Shean Lyster Matining

ALAGA.....18
Shean Lyster Matining

PAALAM.....18-19

Shean Lyster Matining

BUHAY.....19

Shean Lyster Matining

MAKULIMLIM.....19

Den Mark Mediana

INGAY.....19

Den Mark Mediana

COVID-19.....20

Maria Khristina Lagancia

BAKUNA.....20

Maria Khristina Lagancia

BAGONG UMAGA.....20

Maria Khristina Lagancia

ALMUSAL.....20-21

Maria Khristina Lagancia

ONLINE CLASS.....21

Maria Khristina Lagancia

COVIDIARY.....21

Keyth Maquimot

SOCIAL MEDIA.....21

Keyth Maquimot

LUHA.....21-22

Edna Lanete

DAMDAMIN.....22

Edna Lanete

LISAN.....22

Edna Lanete

INIWAN.....22

Edna Lanete

KAIBIGAN.....23

Mark Lorenz Dasal

PANGAKO.....23

Maria Camella Maming

LABAN.....23

Maria Camella Maming

TROPA.....23-24

Maria Camella Maming

PANGARAP.....24

Maria Camella Maming

LUHA.....24
Maria Camella Maming

DALIT

PAGSUBOK.....25
Kent Xavier Neri

KABAN NG BAYAN.....25
Kent Xavier Neri

DULOT NG PANDEMYA.....26
Kent Xavier Neri

LABAN.....26
Kent Xavier Neri

ONLINE CLASS.....26
Kent Xavier Neri

DISIPLINA.....26-27
Kent Xavier Neri

ALERTO.....27
Emmanuel Matining

GINAW.....27
Emmanuel Matining

TALENTO.....27
Emmanuel Matining

KAIBIGAN.....28
Emmanuel Matining

HIMIG.....28
Emmanuel Matining

KAYA PA.....28
Jovimae Murillo

PANDEMIC.....28-29
Jovimae Murillo

FRONTLINERS.....29
Jovimae Murillo

BOTO.....29
Jovimae Murillo

ARAL.....29
Shean Lyster Matining

HIRAP.....30
Shean Lyster Matining

FRONTLINERS.....30
Shean Lyster Matining

BUHAY.....30
Shean Lyster Matining

POSITIBO.....30-31

Maria Khristina Lagancia

SOCMED.....31

Maria Khristina Lagancia

KINABUKASAN.....31

Maria Khristina Lagancia

PANGANAY.....31

Maria Khristina Lagancia

PROBLEMA.....32

Maria Khristina Lagancia

NOON.....32

Keyth Maquimot

NGAYON.....32

Keyth Maquimot

DALANGIN.....32-33

Keyth Maquimot

ESTUDYANTE.....33

Keyth Maquimot

PAGPAPAKILALA.....33-34

Edna Lanete

DAKILA.....34

Mark Lorenz Dasal

SIKAP.....34

Maria Camella Maming

BIYAHE.....34-35

Maria Camella Maming

BITAMINA.....35

Maria Camella Maming

DIONA

TAYO NA!.....36

Kent Xavier Neri

INGAT.....36

Kent Xavier Neri

KINABUKASAN.....36

Kent Xavier Neri

PASENSYA.....36

Emmanuel Matining

INSTRUMENTO.....37

Emmanuel Matining

KALAKASAN.....37

Emmanuel Matining

HILIG.....37

Emmanuel Matining

ALA-ALA.....37

Emmanuel Matining

MALAYO.....38

Jovimae Murillo

PAMILYA.....38

Jovimae Murillo

VIRUS.....38

Jovimae Murillo

SIPAG.....38

Shean Lyster Matining

FRONTLINER.....39

Shean Lyster Matining

PASKO.....39

Shean Lyster Matining

BAYANIHAN.....39

Maria Khristina Lagancia

KAMA.....39

Maria Khristina Lagancia

TELEPONO.....40

Maria Khristina Lagancia

DIARY.....40

Keyth Maquimot

TOWER.....40

Keyth Maquimot

G-CLASS.....40

Keyth Maquimot

DAMAT.....41

Keyth Maquimot

ELEKSYON.....41

Edna Lanete

DASAL.....42

Mark Lorenz Dasal

KALAT.....42

Maria Camella Maming

PAALALA.....42

Maria Camella Maming

ISKRIP

BALIKTANAW.....43-55

GROUP 1 (STAGE PLAY)

LIHAM.....56-61

GROUP 2 (RADIO PLAY)

A DAY IN MY LIFE.....62-67

GROUP 3 (SCREEN PLAY)

APENDIKS.....68

Bridging Course: creative writing literary folio, Dagli, Tula (Tanaga, Diona, Dalit) Iskrip sa paggitan ng Sentenaryo ng Marinduke at Kwadrisentenyal ng Boak

Ang Bridging Course ay kinukuha ng mga mag-aaral na kumuha ng ibang track sa Senior High School liban sa Humanities and Social Sciences. Ang Bridging Course sa SHS ay isang specialized na kurso na nakatuon sa tatlong anyo ng malikhaing pagsulat: tula, kuwento at iskrip.

Buhat ng nagkaroon ng pandemya noong Disyembre 2019 at nagkaroon ng pambansang lockdown at quarantine simula ng Marso 2020. Nasa paggitan nito ang sandaang taon ng pagkakatatag ng lalawigan ng Marinduke. Ngayong 2021, bisperas ng ika400 na taon ng muling pagkakatatag ng Boak none 1622. Ang mga nilalaman ng literary folio na ito ay mula sa mga danas ng mga mag-aaral na hindi pa nakakapasok sa face to face na klase at inabutan na ng Covid19 none nasa SHS pa sila.

Mula sa dalawang klase ng Malikhaing Pagsulat ay nakabuo na mga literary folio para sa mga tinipon na mga dagli, tula at iskrip. Sa unang hati ng semestre ay tula muna ang nauunang ibahagi galing sa bugtong at talinghaga tungo sa mga maiksing tula kagaya ng tanaga, dalit at diona. Ang kasunod na tinalakay ay kuwento at nagbigay ng diin sa mga dagli at flash fiction. Kung saan ang mga nilalaman ng danas tungkol sa pang-araw-araw na buhay ng "new normal" ay sinalin sa mga anyo ng iskrip. Nagkaroon ng tatlong pangkat na gumawa ng Baliktanaw na stage play; Edukabuhay na radio play at A day in my life ni Patrick na isang screenplay.

Sa inspirasyon ng pandemya, ang dulang pang-entablado na Getsemani ay nakatuon sana sa ika-100 na taon ng lalawigan noong 2020. Pero kahit hindi pa tapos ang pananalasa ng Covid19 sa daigdig, nagkaroon ng pagkakataon na i-mount ang dula sa ibang anyo at maipalabas pa sa Asean University Network na kumperensiya. Gayundin ang dalawang literary folio ng MSC Litera Club na "Balangaw" at "MaLIKHAin" was published by the UP Institute of Creative Writing via panitikan.ph Freelipiniana online library.

Sa ngayon, sa pagkakaroon ng Book Nook Marinduque na nilunsad noong Nobyembre 24 sa okasyon ng Buwan ng mga Silid Aklatan, mga Bata at Pagbabasa. Hangarin natin makapag-ambag sa pagkakaroon ng pamayanan ng mga mambabasa, nawa'y ang literary folio nito kasama ng mga kwento, tula at iskrip ay making bahagi ng kagalingan at mas mabuting hinaharap.

Dr. Randy T. Nobleza

Institute of Arts and Social Sciences

Marinduque State College

1st semester 2021-22

DAGLI

"KOMETA"

Ivan Rizada

"Anong nangyayari?" Bulong ni Niño habang nakatingala sa kalangitan.

"Oras na siguro upang wakasan ng Lumikha ang kanyang obra maestra. Ang tao." Sambit ng estranghero.

"At bakit naman? Tayong mga tao ang tagapag-pangalaga ng mundong ito hindi po ba?"

Tama. Ipinagkaloob Nya sa atin ang pinakamataas na uri ng karunungang higit sa lahat ng nilalang na nabubuhay sa mundong ibabaw. At hindi naglaon, nagawa nating lumipad na parang mga ibon, lumangoy na kasing husay ng mga isda, umandar nang matulin na higit pa sa bilis ng mga kabayo at marami pang iba. Subalit wala tayong kakuntentuhan sa buhay Niño. Naging mas mabagsik tayo higit pa sa mga leon at buwitre. Sinasakmal na natin ang isa't isa. Dinadakma na natin ang dangal ng iba para sa ating makasariling mga hangarin. Tayong mga tao ang mga pinakawalang konsensyang nilalang sa balat ng lupa.

"H'wag kang matakot Niño. Humawak ka lamang sa aking kamay."

At sabay na muling tumingala ang batang palaboy na si Niño at ang estrangherong iyon sa kalangitan upang harapin nang buong tapang, ang rumaragasang kometa na tatapos sa sangkatauhan…

MALIGAYANG PASKO

Patrick Sadicon

Inay! Patayin mo na ang niluluto mong sauce. Luto na rin ang pasta ng carbonara. Sinilip niya ang kaldero. Paluto na ang Kaldereta. Nagniningning sa mantika ang hamon, hotdog at cordon bleu. Nasa gitna na ng mesa ang ubas, orange, mansanas at kahel. Hiwa na rin ang keso de bola. Timplado na rin ang juice na may malinamnam

na lasa. Inilagay na sa gitna ng mesa ang Kaldereta, carbonara, cordon bleu, humba, salad, graham cake, lechong baboy, lechong manok, macaroni salad at ang di mawawala na shanghai. Naglagay na rin sya ng limang pinggan, baso at kutsara at tinidor sa gitna ng mesa.

Maya- maya, bitbit na niya ang isang supot. Sa loob nito ay may nakabalot na ulam.

Lumabas na siya ng bahay. Tinahak na niya ang nagniningning na lansangan. Habang naglalakad, sinilip niya ang laman ng supot. May apat na balot. Hindi niya maaninang kung ano-ano ang laman ng mga ito. Pero tamang-tama sa apat nyang anak at sa kanilang mag-asawa ang bitbit na pabaong Noche Buena.

Bukas, araw ng pasko, maaga siyang babalik upang maghugas ng pinagkainan.

NG DAHIL SA FACEMASK

Kent Xavier Neri

Eto na ang araw na pinaka hihintay naming lahat, ang kaarawan ng aking ina. Marami kaming sorpresa na ihinanda para sa kanya. Nag order ako sa shopee ng paborito niyang damit at sapatos, nagpaluto na din ako sa online at isa pa nagpagawa nako ng cake na floral ang theme.

Gumising ako ng maagap para mag handa papasok sa aking trabaho nakita ko ang inay na naghahanda ng umagahan. Hindi ko muna siya pinansin para mas maganda ang sorpresa ko mamaya. Handa na ako papasok sa aking trabaho at nagpaalam ako sa aking ina. Habang papalabas ng gate ay narinig ko ang aking ina na nagsasabing "anak yung facemask mo!" ngunit hindi ko siya pinansin. Habang nasa loob na ako ng aking sasakyan ay tinawagan ko ang aking mga kamaganak para imbitahan at samahan nila ako sa pag sorpresa kay inay ngunit hindi ko sila lahat natawagan dahil na lowbat ang aking telepono. Nakating agad ako sa aking pinag-tatrabahuhan buti nalang hindi gaano mabagal ang usad ng mga sasakyan ngayon dahil may kadadaan lang na ambulansya sa kabilang kanto ng kakalsadahan.

Pagkatapos ng aking trabaho ay pauwi na ako sa aming bahay para sorpresahin ang aking ina bago ang lahat dinaanan ko muna ang cake na aking inorder. Nasa kanto na ako ng aming lugar at malapit na ako sa aming bahay, bigla akong nakaramdam ng lamig sa katawan, siguro dahil lang sa sobrang excited at kaba. Pagpasok ko sa gate ng aming bahay at maliwanag ang kapaligiran, may mga lamesa, bangko at madaming tao. Pag baba ko sa aking sasakyan ay sinalubong ako ng aking mga kamaganak isang mahigpit na yakap. Habang dala dala ang cake ay pumasok ako sa loob ng aming bahay at bilang nabitawan ko ang dala dala kong cake dahil sa aking nakita.

Si inay ay naka higa sa loob ng kabaong. "Wala na si Inay, wala na, inay, may dala dala akong cake para sa iyo inay, may sorpresa pa ako sayo hu hu hu, happy birthday inay".

Sabi ng aking mga kapit bahay nabunggo daw si inay habang dala dala ang kanyang telepono at isang kahon ng facemask. Bigla akong nanlumo sa aking narinig. Dahil ang Facemask niyang dala ay para iabot sa akin. Sana binati ko na pala si inay, sana hindi nalang ako pumasok sa trabaho, sana kinausap at binalikan ko sya, sana, sana!

Sa isang iglap lang, nawalan ako ng ina.

Ng dahil sa Facemask.

"ALARM"

Kent Xavier Neri

Paglabas ko sa aking silid nakarinig ako ng isang makalas na tawanan sa kabilang kwarto ng aking silid kaya naman agad ko itong pinuntahan. "Kuya Kent kamusta na!" sigaw ng aking pinsan at sinalubong ako ng isang mahigpit na yakap. Natulala ako at hindi ko alam ang gagawin, Nandito na pala sila, akala ko bukas pa! sabi ko sa aking sarili.

Reunion na nga pala namin bukas ibig sabihin marami pa akong mga kamag-anak na darating galing sa ibat-ibang sulok ng bansa. Dahil sa sobrang miss namin ang isat-isa ay marami kaming napag kwentuhang mga bagay-bagay, ang mga tito at tita ko naman ay nag hahanda ng pagkain para sa hapunan at inilabas ng kanilang mga pasalubong gaya ng makukulay na dunkin' donuts, malalaking pinagong, matatamis na tikoy, kalamay at marami pang iba. Pagkatapos nilang mag luto ng mga pagkain ay tinawag na nila kaming lahat para sabay sabay na kumain, dahil sa sorbang dami namin ay nagkulang ang aming bangko sa silid kainan kaya naman ang iba ay kumain nalang habang naka upo sa sahig. Ang sarap pagmasdan ng aming pamilya na kumpleto hindi pa din sila nag babago, masayahin at maiingay. Sa pag sulyap pa lang sa kanila ay busog na agad ako. Kahit gabi na ay matataas pa din ang mga enegy kung parang sa telepono ay di sila na lolowbat. Nag kwentuhan, nag laro at nanood ng movies. Bago tuluyang matulog ay ihinanda ko ang aking alarm para maagap kaming makapaghanda bukas dahil madami dami kaming kailangang maligo.

Ting! Ting! Ting! Parang maling oras ata ang alarm ko! Bakit ang bilis naman ata? Bumangon ako sa aking kinahihigan at tiningnan kung anong oras na. Hala alas syete na ng umaga! Dali dali akong nagpunta sa aming kusina para kumain ng umagahan. Habang kumakain ay bigla akong nabulunan, sabi ng matatanda pag ikaw daw ay nabulunan ay may nakaka-alala sa iyo, may biglang tumulong tubig na nanggigilid sa aking mga mata. Araw pala ng aming reunion ngayon ngunit hindi na tuloy dahil may pandemya. Siguro iniisip ako ng aking mga mga pinsan, miss ko na sila pero hindi sila pwedeng makauwi dahil baka daw makapag dala ng virus. Pinunasan ko ang aking mga luha, uminom ako ng tubig at tunuloy ang pagkain.

May mga bagay tayong hindi na kayang ibalik at balikan, ang maari na lang nating gawin ay sariwain tanggapin na ang lahat ay nangyari ng may dahilan. Ang pandemya dulot ng COVID-19 ay isang pagsubok lamang. Imbes na ipagsawalang bahala ay atin itong maiiwasan sa pamamagitan ng pagkakaisa.

"PRONTLAYNER"

Kent Xavier Neri

Nak, gising na! Umaga na malilate ka na naman nyan, tinig ng aking ina. "Opo eto na babangon na", akin namang sambit. Habang lumalabas ako sa aking silid ay nakalanghap ako ng isang mabangong amoy. Agad ko itong pinuntahan at nakita ko ang niluluto ni inay. Fried Rice na may hotdog, bacon at sunnyside-up na itlog.

Hmmmmm! ang sarap naman nyan nay, sabi ko kay inay.

"Syempre para ganahan ka sa pag pasok mo sa School, o sya mag ligo kana at pagkatapos mo ay kakain na tayo, ihahanda ko lang itong pagkain.

Nagtungo na ako sa aming banyo para maligo. Pagkatapos kong maligo ay agad akong kumuha ng plato para kumain. Saktong bubuksan ko ang kaldero, ay naalala kong wala pa pala akong nilulutong pagkain.

Nakakamiss si inay pati na ang mga luto niya. Hindi ko na siya nakikita simula noong mag lock down dito sa aming lugar. Para maiwasan ang pagkahawa at pagkalat ng virus na dulot ng COVID ay mas minabuti na muna ni inay na mag lock in sa malapit na boarding house ng hospital. Frontliner si Inay.

“KAPANGANAKAN”

Emmanuel Matining

Ang ating kaarawan ay ang pinakamahalagang araw ng ating buhay dahil dito tayo nagsimula at itong ang araw kung saan nasaksihan natin ang kagandahan ng mundo.

Kaarawan ng aking kapatid ngayon, kaya maaga akong bumangon upang batiin siya ng isang maligayang kaarawan. Hindi kami magkasama ngayon, na kung saan ay malungkot, ngunit nag-usap kami sa telepono. “Happy Bithday Ate Cha!” sambit ko habang kinakausap siya sa kabilang linya. “Salamat, tara kain tayo” tugon niya. Upang ipagdiwang ang kaarawan ng aking kapatid na babae, naghanda ang aking ina ng aming paboritong "pansit miki." Kumukulo na ang aking tiyan kaya agad akong kumain. “Grabe, nakakabusog talaga mga luto mo nay” sabi ko habang hinihimas tiyan ko. Hindi natin maitatanggi na ang pagkain na lutong bahay ay masarap, lalo na kapag inihanda ito ng mahal mo sa buhay. Hindi lamang ito tungkol sa lasa ng pagkain, mayroon ding pagsisikap at pagmamahal na nakahalo, na talagang nagpasarap pa lalo rito.

Nagdasal at kumain kaming magkasama ng ala-una ng hapon kasama ang aking mga kamag-anak. Pagkatapos namin kumain, naghugas na ako ng mga pinagkainan at natulog. Nang magising, mga alas-syete ng gabi, nagtungo agada ko sa hapag-kainan upang kumain ng hapunan. Wala nang ibang magawa, kaya't inaliw ko ang aking sarili sa pamamagitan ng paglalaro ng mobile legends hanggang alas-otso ng gabi. Matapos maglaro natulog ako para mapahinga ang aking mga mata

Ang kaarawan ay hindi laging masaya, maaari ring malungkot minsan, ngunit natutuhan ko na mahalaga na ipagdiwang ito kahit na walang hinandang pagkain, pasalamatan lang ang Panginoon para sa ating pang-araw-araw na buhay.

“HIMIG NG KAPAYAPAAN”

Emmanuel Matining

“And I see your true colors…shining through” isang napakagandang kanta ang bumungad sa aking paggising. Ang musika ay isa sa aking kasiyahan sa buhay na mayroon ako mula pagkabata. Nakatulong talaga ito sa aking personal na pag-unlad sa pamamagitan ng pagbibigay sa akin ng pagganyak na magpatuloy sa pamumuhay.

“I see your true colors….and that's why I love you” kanta ko habang naglalakad papuntang banyo. Tuloy lang ang aking pagkanta at huminto nang maghilamos na ako. Ewan ko kung ako lang ba pero napakasaya kumanta sa loob ng banyo dahil tila

gumaganda ang aking boses. Nang lumipat bigla ang tugtog sa aming speaker, napatayo ako dahil paborito ko itong kanta "I'll be there ni Jessy Glynne." "When all the tears are rolling down your face…and it feels like yours was the only heart to break" napakagandang lirika na sinabayan pa nang napakagandang tono. "Emmanuel bilisan mo diyan at magsaing ka" sambit ng aking ina na tila nagmamadaling lumabas ng aming bahay. Pupunta pala siyang bayan upang mag-grocery, Paglabas ng banyo ay agad akong nagsaig at nagluto ng ulam para sa tanghalian namin. Hinantay ko ito hanggang maluto at agad na nagtungo sa sala upang ituloy ang pagpapatugtog. "Pahiram cellphone magpapatugtog ako" sambit ko sa aking kuya na nakahiga sa sofa. "Oh balik mo rin maya-maya" sabi niya sabay abot sa akin. Maghapon ako nagpatugtog dahil wala naman ako ginagawa hanggang sa makatulog ako sa sofa. Nagising akong wala ng musika na napapakinggan dahil kinuha na ng kuya ko ang cellphone niya. Gayunpaman, nagpatuloy akong kumanta at naghanda na para sa hapunan.

Ang buhay ay nakakabagot kung walang musika. Musika ang bumubuhay sa akin at isasama ko ito hanggang sa mawala na ako sa mundo. Nariyan ang musika noong mga panahong wala akong makapitan at masabihan ng mga problema. Nariyan ang musika sa mga panahong hindi ko maintindihan ang halaga ko. Nagbibigay payapa sa akin ang musika at nagbibigay dahilan para ipagpatuloy ko ang aking buhay.

"BIRTHDAY SURPRISE"

Jovimae Murillo

Isang araw bago ang kaarawan ni Mina ay tinanong siya ng kaniyang ina at ama kung ano ang nais niyang matanggap na regalo sa kaarawan niya. "nay,tay nais ko po na magkaroon ng bagong cellphone" maligyang tugon ni Mina sa kaniyang mga magulang." oh sige anak ibibili ka namin niyan ng iyong ama" masayang tugon ng kaniyang ina.

Kinabukasan nagising si Mina sa ingay ng kaniyang ina at ama dahil sa nasa loob ito ng kaniyang kwarto at ginigising siya upang batiin ng maligayang kaarawan dala ang cake at ang regalo para sa kaniya.

"Nay, Tay iyan na po ba ang regalo niyo sa akin?" di makapaniwalang tanong niya sa mga magulang niya.

" Oo anak sana ay magustuhan mo ito" at inaabot na ito kay Mina.

Ganon nalang ang kaniyang dismaya ng makita kung ano ang laman ng regalo, isang aklat na makapal, ngunit hindi niya alam na hindi ito tunay na libro, nasa loob niyon ang cellphone na nais niya. Ilang sandali pa ay inihagis niya ito at tumalsik ang cellphone na laman nito, gayon nalang ang pagsisisi niya dahil huli na ang lahat nasira

na ito at di mabuksan. nalungkot ang mag- asawa sa nangyari. Natulala nalang si Mina sa ginawa niya.

SWERTE

Shean Matining

This is day is one of my best day kasi nakuha ko isang manta ray sa larong cod. Excited na akong gamitin ang aking nakuha kaya pagtapos ko sa mga activities ko ay naglaro ako ng cod mobile. Sobrang ganda sa paningin na ang gamit mong character ay manta ray. Pagtapos kong maglaro ay lumabas ako sa aming terrace para ipahinga ang aking mga mata at para magpaaraw na din. Narinig kong umalburuto ang aking tiyan kaya kumuha ako ng aking pera sa loob ng aking para bumili ng pagkain sa labas. Pagbukas ko ng pinto ay bumungad sa akin ang aking aso na si bruno na gumagalaw pa ang buntot para samahan ako sa pagbili.

KASALAN

Shean Matining

Sa kalgitnaan ng aking panaginip ay ginising ako ng aking lola, Kaya nagtaka ako pagkatingin ko sa orasan ay tanghali na pala kaya dali dali akong tumayo at nagintindi ng aking sarili kasi magsisimula na ang kasalan ng aking pinsan. Nangako pa naman ako na hindi ako malalate dun. Pagkalabas ko sa pinto ng bahay ay kuripas ako ng takbo dahil konting oras nalang ay magsisimula na. Ng palapit na ako ay sinuot ko na ang aking facemask maliban sa dahil may pandemya at kelangan mag facemask ay dahil hindi ako nakapagtoothbrush sa sobrang kadalianan ko. Basta angmahalaga ay nakaabot ako sa kasalan ng aking pinsan kahit wala na akong toothbrush.Kasalan

Sa kalgitnaan ng aking panaginip ay ginising ako ng aking lola, Kaya nagtaka ako pagkatingin ko sa orasan ay tanghali na pala kaya dali dali akong tumayo at

nagintindi ng aking sarili kasi magsisimula na ang kasalan ng aking pinsan. Nangako pa naman ako na hindi ako malalate dun. Pagkalabas ko sa pinto ng bahay ay kuripas ako ng takbo dahil konting oras nalang ay magsisimula na. Ng palapit na ako ay sinuot ko na ang aking facemask maliban sa dahil may pandemya at kelangan mag facemask ay dahil hindi ako nakapagtoothbrush sa sobrang kadalianan ko. Basta angmahalaga ay nakaabot ako sa kasalan ng aking pinsan kahit wala na akong toothbrush.

UNDAS

Den Mark Mediana

Ngayon ay ipinagdiriwang ang araw ng kalukuwa
Kamustahin ang pamilyang magatal ng namayapa
Ipagtirik ng kandila, sa kanila ay magsilbing gabay
Ipagdasal sa maykapal at bigyan ng awa

Sa araw na ito kami ay pahinga
Sapagkat kakatapos lang ng aming eksaminarya
Pahinga ng maigi at oras sa sarili
Mag selpon maghapon at manuod ng tv

Ngayong araw ako'y natuwa
Sapagkat buong araw akong walang ginawa
Nakapahinga sa gawain, ganun din sa iba
Kaya naman gustong sulitin pa

ACTIVITIES

Den Mark Mediana

Umagang kay ganda ang bungad sa akin
Kasabay ang buong pamilya masayang kumakain
Kahit kape at pandesal ang sa ami'y inihain
Isa na itong magandang panimula sa bagong arawin

Paglilinis ng bahay at pag wawalis ng harapan
Paghuhugas ng pinggan at pagdidilig ng halaman
Pagtatapon ng basurahan at pag punas sa may hagdanan
Iilan lamang iyan sa mga gawaing aking nakasanayan

Ang oras ng hapon ay para sa aking sarili
Paggawa ng mga bagay na sa akin ay nakakawili
Pag tapos ng pahinga, deretso naman sa activity
Upang matapos ng maaga at makapag mark as done sa gc

TAG-ULAN

Den Mark Mediana

Makulimlim na umaga sa akin ay bumugad
Madilim na paligid at ulang malakas
Kaya naman ang aming agahan ay isang mainit na sopas
Pang-alis ng lamig and pampainit ng tiyan

Sa ganitong panahon, ang hirap magsimula
Nakakatamad kumilos mas masarap pang humiga

Sa araw na ito maaga ang aming klase

Kaya naman tumayo na ako at naghanda ng sarili

Kinahapunan na ng tumila ang ulan

Kasabay ng paglabas ng bahaghari sa kalangitan

Masaya at makabukuhan ang aking maghapon

Sa kabila ng masungit at maulang panahon

PAGNINILAY

Ma. Khristina Lagancia

Tila isang bangungot ang gumising sa natutulog kong pagkatao. Tila nasa iba akong mundo. Isang araw nag bago ang lahat, kung gaano Kabul is ang ikot ng kamay ng orasan ay siyang bilis din ng pagdating ng mga problemang hind inaasahan. Lahat ng tao kailangan dumistansya na tila hindi magkakilala. Noon ay nagkikita ang pamilya bago matapos ang taon ngunit ngayon ay nasa bahay na tila preso sa kulungan na hindi makalabas. Pipili ka ba sa pagitan ng kasiyahan o kaligtasan. Maraming mahal sa buhay ang lumisan. Hindi naihatid sa hantungan dahil natatakot isugal ang kaligtasan at kalusugan. Kung papipiliin ka noon o ngayon?

ISTORYA KO TO!

Keyth Maquimot

Ang araw ay sumikat na. Bumukas na ang kurtina at sa muka ko ay sumipat na ang liwanag ng araw. Matapos maligo, kakain naman ako sa simpleng kahoy na mesa na puno ng paborito kong pagkain. Matapos kumain naghanda na ako.

Papel at panulat ang aking hawak. Ibabanat ang mga salitang mula sa puso't aking isipan. Habang walng preno ang tintang umiindak na bumubuo ng mga letra, si Mama ay naglalampaso ng sahig, naghuhugas ng plato, naglalaba, nag-aalaga ng bata, at nagwawalis ng bakuran . Pero kinabukasan ako na ang gagawa. Linis dito, bantay doon, aral ako. Karamihan sa gawain ay late na.

Kay hirap, kay lungkot sa pakiramdam. Hindi ko ma-enjoy ang pag-aaral. Bantay bata, linis ng bahay ang aking buhay. Masaya naman at nakakatulong, walang

mapagbalingan. Buti at sa aming Bridging course, si Prof. ay nagpagawa ng ilang entries. Bawas stress kung ilalahad ko ang mga salitang balita ko sa araw- araw at ita-type ko sa word press.

Siguro kung pasukan, parang baranggay tanod si Prof. Ikot ng ikot sa buong classroom, kahina-hinalang kilos, lingon o titig ng mga estudyante, sisitahin nito. Pero masaya, challenging sa buhay ng estudyante.

Hindi mabubuo ang kwento kung walang ganap na impormasyon. Sa subject na ito, maraming matututunan. Pagbuo ng kwento, pag-arte, pagsulat at iba pa ay nandito na.

Sa na-update kong mga entries at kung babasahin ng paulit-ulit, mare-realize kung ano ang halaga ng mga salitang naisulat. Sa buhay college ko, wala pa akong maituturing na kaibigan, klasmeyt marami at mababait pa. Ako'y may nakilala, isang babae na napagbalingan kong tanungin sa oras na ako'y hahabol-habol. "Ano ang pinapagawa? pakipaliwanag naman oh, salamat." Yan ang aking tanong. Medyo curly ang buhok nya, maganda, klasmeyt at ka-section ko. Maaasahan, mabait, at tawagan namin klasmeyt.

Sa paglahad ko ng sulat na ito, sa subject na ito maraming matututunan. Minsan, nilakasan ko ang loob ko na magtanong kay Prof. Kakahiya man na kahit ako si puro late.

Sa paglahad ko ng sulat na ito, sa subject na ito, laman ng maraming kaalaman. Nawala rin ang hiya ko na makipag-participate sa grupo at doon natuto maglahad ng opinion sa pagsulat. Masaya at nakatulong

Sa patuloy na pagsulat ko ng pangyayari sa buhay, sa bridging course ko natutunan.

"PANDEMYA SA ORAS NG KAARAWAN"

Edna Lanete

Enero palang ng taong 2021, nakahanda na ang lahat at planado na ang pagdiriwang ng kaarawan ng kapatid ni Princess sa probinsiya. Mayo pa ang kaarawan niya ngunit lahat ay planado na, gusto ni Princess na maging maganda ang pagdiriwang, may dalawang pong libong nakalaang pera para sa kaarawan. At bawat buwan ay inaabangan dahil sa sayang naramdaman na makikita at makakasama ang pamilya sa probinsiya. Lumipas ang ilang buwan ngunit may masamang balita ang nilahad, may kumakalat na bekteriya sa bansa, sa buong mundo. Nagkaroon ng pandemya. Malapit na ang buwan ng kaarawan ng kapatid

niya, Mayo 23 ang pesta, ngunit nang dumating ang Marso 15 nag lock down ang buong mundo, bawal bumahe at inanunsyo din ng gobyerno na kailangang mag face mask kapag lalabas para sa proteksiyon. Matagal ang naging resulta ng pandemya. Isang buwan nalang sana at makikita na niya ang kaniyang pamilya at ang planong inihanda ay walang naganap hindi nakaluwas si Princess sa Marinduque na kanyang probinsiya. Hindi natupad at naganap ang planong debut dahil sa pandemya hindi nakaluwas si Princess. Ang perang naipon ay hindi naipadala at nagamit dahil sa nawalan siya ng trabaho. Ang ipon ay ubos dahil sa pandemya. Ang pangakong pagdiriwang ay nauwi sa pagkakulong sa bahay dahil sa pandemya.

"SERMON"

Mark Lorenz Dasal

huyyyyyyy gising gumising na kayo tanghali nanaman kayo bumangon kahit na wala pa namang alas syete ng umaga ganito ang araw araw na bubungad kay Michael ang sermon ng kanyang ina inahan marahil nga ay sanay na siya dahil halos araw araw naman ganito ang ng kanyang ina inahan sa kanilang magkakapatid.Nagluluto si Michael habang hawak ang kanyang cellphone dahil may tinitingnan siya na Gawain pero galit na galit na agad ang kanyang ina inahan dahil iniisip nito na pinapabayaan niya ang kanyang niluluto sa bawat pagdaan ng araw walang lumipas na hindi siya nito mapapansin kahit sa mga maliliit nitong pagkakamali. Ngunit hindi naman sa pinag mamalupitan siya marahil ay ganun na talaga ang kanyang inainahan dahil minsan naman ay nakikipag biruan ito sa kanya siya siguro yung taong mabilis uminit ang ulo pag may nakikita itong mali.Hindi naman niya magawang sagutin ito dahil ginagalang niya ito at tinuturing nang tunay na ina dahil minsan naman ay mabait ito sa kanya inuunawa nalamang niya dahil nagkaka edad narin ito kaya marahil ganito na ang mga ikinikilos mas inuunawa nalamang niya at dinadagdagan ang pasensya.

“TITIG”

Maria Camella Maming

Alastres y medya nang ako ay makarating sa simbahan. Sandali akong tumahan sa labas dahil sa pagod umakyat sa hagdan. Kinuha ko sa aking bag ang aking cellphone upang sandaling maglibang.Palinga linga ako dahil hinahanap ko ang aking kaibigan nang biglang sa isang sulok sa labas ng simbahan akoy may nakitang lalaki sa dilim na nakatitig ng sobra sa akin.Di ko sya makilala kaya akoy kinabahan ng bahagya. Sandali pa akong tumahan doon upang tingnan muli kung sino iyon. Pasimple akong lumilingon para kilalanin ko iyon at laking gulat ko nang nakatitig parin sya sa akin. Luminga ako sa aking likod upang tingnan kung may ibang tao paba doon ngunit wala naman. Makalipas ang ilang minuto ay nagbukas na ang simbahan kaya agad namana akong pumasok dahil bahagya kong kinabahan sa kung sino yon. Nakinig na lang ako sa misa at hindi na inisip iyon hanggang matapos. At paglabas namin ng simbahan ay kinuhaan ako ng ilang litrato ng aking kaibigan, sideview ang aking ginawang pose at muli ay nakita ko nanaman ang lalaking wagas makatitig. Bahagya akong bumaba sa hagdan at lumapit sa biranda ng simbahan at doon ko napagtanto na ang lalaking nakatitig sa akin ay ang aking ex inirapan ko na lang ito ngunit hindi natinag ang kanyang pagtitig sa akin.

TANAGA

DATI

Kent Xavier Neri

Ala-ala ng Dati
Sati'y naka Kubli
Kay hirap na ibalik
Kahit na pusoy sabik

Pandemya

Kent Xavier Neri

May mga hirap na dulot
Ang pandemya na salot
Facemask palaging suot
Dulot nito ay lungkot

Frontliners

Kent Xavier Neri

Doctor, Nurse at iba pa
Ay bigyan ng Halaga
Silay naghihirap na
Labanan ang pandemya

Paalala

Kent Xavier Neri

Gawin, Social Distancing
Ang Facemask ay suotin

Covid maiiwasan

Paglabas ay bawasan

Diyos

Kent Xavier Neri

Mahirap man ang buhay

Huwag tayong bibigay

Andyan lamang ang Diyos

Satiy naka agapay

KAALAMAN

Emmanuel Matining

Pagod man ngayong araw

Aral ay 'di mababaw

Matayog pa sa araw

Dala hanggang pumanaw

MALAYA

Emmanuel Matining

Mahirap mang tanggapin

Ako'y nagparaya na

Masakit man sa akin

Siya ay masaya na

HINAGPIS

Emmanuel Matining

Dumadaloy ang luha
Sa aking mga pisngi
Kakayanin ang hina
Maging malakas muli

BUNGANG-TULOG

Emmanuel Matining

Panaginip lang pala
Tila ay totoo na
Kaba ang pinadama
Takot ay laging dala

AMIHAN

Emmanuel Matining

Gabing napakalamig
Katawa'y nanginginig
Nanunuyo ang bibig
Hangin ay naririnig

BATA

Jovimae Murillo

Mga pinagkaitan
Nitong kinabukasan

Na siyang inaasahan

Nitong ating tahanan

TALENTO

Jovimae Murillo

Ikaw,at ako, tayo

Ay may angking talent

Iba't-iba pa ito

Taglay ng bawat tao

LUNGKOT

Jovimae Murillo

Sarili'y palayain

Sa pait ng kahapon

Sikaping kalimutan

Itong pinagdaanan mo

PINSAN

Jovimae Murillo

Anong liligaya na

Pagnagkasama-sama

Panahong di nagkita

Wari'y nababawi na.

VIRUS

Shean Lyster Matining

Koronang walang tinik
Bakit ikay masakit
Kalaban na di kita
Ang bilis makahawa

BAKUNA

Shean Lyster Matining

Bakuna'y mahalaga
Na lalaban sa korona
Ikaw ba kailan ka pa?
Mas magandang maaga

ALAGA

Shean Lyster Matining

Kaibigan kong may buntot
Ang hilig magpantakot
Lalot pag di kilala
Takbo pati bisita

PAALAM

Shean Lyster Matining

Ang bilis ng panahon
Mga ngiti niya noon

Naglahong parang bula
Hindi na makikita

BUHAY

Shean Lyster Matining

Maikli lang ang buhay
Ano ang hinihintay
Piliin na sumaya
Lungkot ay limutin na

MAKULIMLIM

Den Mark Mediana

maaga ng magising
ang lahat ay tulog pa
pagpagaspas ng hangin
luha ng kalangitan

INGAY

Den Mark Mediana

ingay sa may kalsada
tunog ng ambulansya
lulan ang positibo
delikado sa tao

COVID-19

Ma. Khristina Lagancia

Sakit na di matalo
Anong solusyon dito
Kalabang di makita
Naghirap buong bansa

BAKUNA

Ma. Khristina Lagancia

Nag-iisang sandata
Ngayon na May pandemya
Buhay ay mababago
Tayo ay protektado

BAGONG UMAGA

Ma. Khristina Lagancia

Ang ating bawat gising
Biyaya kung ituring
Itong bagong umaga
Mayrong dalang pag-asa

ALMUSAL

Ma. Khristina Lagancia

Kape na pangpagising
Kanin, itlog at , daing

Na kapag magkasama

Buo aking umaga

ONLINE CLASS

Ma. Khristina Lagancia

Di na tulad ng dati

Cellphone na ang katabi

Bubuksan ang internet

Magkaklase na ulet.

COVIDIARY

Keyth Malabayabas Maquimot

Kwentong buhay naipon

Sa kwadernong malaman

Karanasan sa buhay

Balita kang May taglay

SOCIAL MEDIA

Keyth Malabayabas Maquimot

Hoy teknolohiya

Need kita sa pag-aaral

Batalyon ng mga letra

Please hiling ko'y back to normal

LUHA

Edna Lanete

Ang ulap ay umiyak
Sa mata ay pumatak
Dama niya ang lubak
Dahil ramdam ang saksak

DAMDAMIN

Edna Lanete

Hindi maghihiwalay
Ngunit ako ay patay
Dahil puso'y nahimlay
Nang nawalan ng buhay

LISAN

Edna Lanete

Parang pusong wala
Sa gitna ng kalsada
Sakit ng pagkawala
Aking damangdama pa

INIWAN

Edna Lanete

Kinakain ng kaba
Nang sinabing wala ka
Kasama ka na niya
Iniwan na mag-isa

KAIBIGAN

Mark Lorenz Dasal

Taong malalapitan
Maaring sandalan
Ikaw ay dadamayan
Sa kahit anong laban

PANGAKO

Maria Camella Maming

Di ako iiwanan
Sabi mo nung una lang
Yan ay iyong pangako
Na ngayon ay napako.

LABAN

Maria Camella Maming

Wag lang agad agad susuko
Lahat ay nabibigo
Wag kang magpapatalo
Laban ay ituloy lang.

TROPA

Maria Camella Maming

Sila'y aking pamilya

Laging nakasuporta
Parating nagsasaya
Pag kami ay nagsama.

PANGARAP

Maria Camella Maming

Ako ay aangat din
Kahit mahirap mandin
Pangarap na mithiin
Akin nang tutuparin.

LUHA

Maria Camella Maming

Sakit na nadarama
Luha sa mga mata
Punasan at tigil na
Kalimutan mo na sya.

DALIT

PAGSUBOK

Kent Xavier Neri

Tayong mga mamamayan
Pagsubok dapat labanan
Para sa kinabukasan
Ay may ngiting makakamtan

ELEKSIYON

Kent Xavier Neri

Mamamayang Pilipino
Halikat ating Iboto
Ang Kandidatong totoo
At wag ang mga taas noo

KABAN NG BAYAN

Kent Xavier Neri

Mahalaga sa Kanila
Humangad dahil sa Pera
Ang hindi alam ng iba
Kaba'y ninakaw na pala

DULOT NG PANDEMYA

Kent Xavier Neri

Salo Salo at Handaan
Ngayon ay iniiwasan
Ang ating kapaligiran
Nakakalungkot pagmasdan

LABAN

Kent Xavier Neri

Kapag tayoy may problema
Wag kalimutang huminga
Wag tumigil at sumuko
Halikat tayoy tumayo

ONLINE CLASS

Kent Xavier Neri

Ang Meet at ang Google Classroom
Ay kasama buong taon
Mag-aaral di susuong
Sa entabladoy tutungtong.

DISIPLINA

Kent Xavier Neri

Disiplina Kailangan
Ng tao at mamamayan

Para sa kinabukasan

Tayo ay dapat lumaban.

ALERTO

Emmanuel M. Matining

Pag-iingat ay itanim

Sa isip at pagyabungin

Gaano man 'to kalalim

Pagkampante ay alisin

GINAW

Emmanuel M. Matining

Taglamig ay ramdam na

Pasko ay malapit na

Hindi gaanong dama

Dulot nga ng pandemya

TALENTO

Emmanuel M. Matining

Gumalaw at lhataw

Damahin at sayawin

Talento mo'y ilitaw

Lalo pang pagbutihin

KAIBIGAN

Emmanuel M. Matining

Tanging ikaw ang sandalan
Sa oras ng kalungkutan
Sarili ang kalakasan
Lahat masosolusyonan

HIMIG

Emmanuel M. Matining

Musika ang aking taglay
Na lakas at katibayan
Sa panahong ako'y lumbay
Tiyak na maaasahan

KAYA PA

Jovimae Murillo

Tayo’y laban lang lagi na
Wag sumuko kung kaya pa
Loob nati’y tatagan pa
Lagpasan natin to diba

PANDEMIC

Jovimae Murillo

Ating mga kabuhayan
Ay naglaho ng tuluyan

Bata't matanda sa daan
Kalye na ang tinitirhan.

FRONLINERS

Jovimae Murillo

Ako'y saludo sa inyo
Kababayang Pilipino
Malayo man sa mahal niyo
Maligtas lang ibang tao.

BOTO

Jovimae Murillo

Iyong ingatan boto mo
Perang sinusulsol sayo
'Yong tanggaping kung nais mo
Isipin mong mali ito

ARAL

Shean Lyster Matining

Magaral ng di nagpilit
Ng karangalay makamit
Buong buhay ay mapait
Kung hindi ka magpipilit

HIRAP

Shean Lyster Matining

Yaman ay di malalasap
Kung ang buhay ay mahirap
Ang magpanggap ay mahirap
Wag kang gumaya kay erap

FRONTLINERS

Shean Lyster Matining

Saludo ako sainyo
Mga frontliners ng mundo
Kung hindi dahil sa inyo
Malamang talo na tayo

BUHAY

Shean Lyster Matining

Ang buhay ay mahalaga
Kayat wag patanga-tanga
Gamitin ito sa tama
Kung ayaw mong mapaaga

POSITIBO

Maria Khristina Lagancia

Pinakaiiwasan ko
Ngayon sa Pandemayang ito

Naging matigas ang ulo
Sa covid ay positibo

SOCMED

Maria Khristina Lagancia

Isa sa aking libangan
Social media kasiyahan
Gamitin sa kaayusan
Iwasan ang kaguluhan

KINABUKASAN

Maria Khristina Lagancia

Huwag hayaang hadlangan
Dahil kinakailangan
Hahadlang sa kahirapan
Magandang kinabukasan

PANGANAY

Maria Khristina Lagancia

Hindi madali ang buhay
Lalong lalo na sa bahay
Ikaw ang nakaagapay
Sa mga kapatid at nanay

PROBLEMA

Maria Khristina Lagancia

Dumarating na lang bigla
Parang mga ligaw na bala
Kapag mayroong problema
Wag kalimutang sumaya

NOON

Keyth Maquimot

Kapag sila'y umuwi
Prutas, isang sakong bigas
Na syang laging pumapawi
Sa mata na may gilalas

NGAYON

Keyth Maquimot

Dahil sa dulot ng Covid
Mamamayan ay may hatid
Na nais gustong makamit
Nawa'y galak ay maulit

DALANGIN

Keyth Maquimot

Halika at magsidulog

Kay Mariang sakdal dilag
Dalagang lubhang mapalad
Wakas ng virus ibantad

ESTUDYANTE

Keyth Maquimot

Lapis, papel at bolpen
Batang may mga mithiin
Pangarap kahit madilim
Syang nagsusumikap pa rin

PAGPAPAKILALA

Edna Lanete

Dakila siya sa lahat
Mabuto ang Panginoon
Tayo ay kanyang niligtas
Sa pandemyang nangyayari

Kailangan natin siya ngayon
May kapangyarihan siya
Kaya niyang bagohin lahat
Meron siyang isang salita

Ang Diyos ay laging tapat
Sa kaniyang mga salita
Hindi ka papaasahin

Kahit iwan ka ng lahat

Mahal tayo ng ating Diyos
Lagi siyang nasa piling mo
Di kanya pinabayaan
Marami n siyang nagawa.

DAKILA

Mark Lorenz Dasal

Anumang hirap ng buhay
May diyos na aagapay
Sa atin ay siya ang gagabay
Magpapagaan ng buhay

SIKAP

Maria Camella Maming

Tuloy lang kahit mahirap
Magsisikap sa pangarap
Tagumpay ang aking hanap
Yan ang aking sinisikap.

BYAHE

Maria Camella Maming

Ugong ng mga sasakyan
Maiingay na daanan
Nakakarindi pakinggan

Kapag babyahe sa bayan.

BITAMINA

Maria Camella Maming

Palagi kang nanghihina
Lagi karing namumutla
Kulang ka sa bitamina
Resistensya mo'y mahina.

DIONA

TAYO NA!

Kent Xavier Neri

Kababayan, Tulungan
Bigas at mga de lata
Kanilang kailangan

INGAT

Kent Xavier Neri

Katawan, alagaan
Ayos na kalusugan
Ay kinakailangan

KINABUKASAN

Kent Xavier Neri

Kabataan ay pano
Pag aaral nabago
Covid sakit sa ulo

PASENSYA

Emmanuel Matining

'Wag hayaang lamunin
'Yong galit ay kontrolin
Sarili'y pakalmahin

INSTRUMENTO

Emmanuel Matining

Gitara ang kasama

Kumaskas ng ligaya

O halina't kumanta

KALAKASAN

Emmanuel Matining

Bagyo man ay dumaan

Lahat makakayanan

Pagpatuloy ang laban

HILIG

Emmanuel Matining

Pagluluto ang hilig

Amoy ay iniibig

Lasa'y lasap sa bibig

ALA-ALA

Emmanuel Matining

Pait ng nakaraan

Huwag nating balikan

Tuluyang kalimutan

MALAYO

Jovimae Murillo

Distansya'y puma-gitna
Nang dumating pandemya
Iba'y nagkalayo na

PAMILYA

Jovimae Murillo

Aasahang lagi na
Sila ay nandyan tuwina
May masasandalan ka

VIRUS

Jovimae Murillo

Marami ang Nawala
Nung lumalaganap pa
Tong pandemya sa bansa

SIPAG

Shean Lyster Matining

Dapat ika'y magsipag
Kung ayaw mong mapadpad
Wag kang tatamad - tamad

FRONTLINER

Shean Lyster Matining

Silay maaasahan
Ngayon na kailangan
Tayo ay tutulungan

PASKO

Shean Lyster Matining

Palapit na ang pasko
Kayo anong handa nyo?
Penge naman regalo

BAYANIHAN

Maria Khristina Lagancia

Tumulong kung kailangan
Sa iyong kababayan
Kahit munting bigayan

KAMA

Maria Khristina Lagancia

Nagsisilbing sandalan
At aking pahingahan
Pagod ay iniibsan

TELEPONO

Maria Khristina Lagancia

Bagay na importante
Gamit ko sa pag klase
Para makaabante

DIARY

Keyth Maquimot

Sa dibdib ko'y kumatok
'Sang damakmak na hugot
Pagsulat ko ang sagot

TOWER

Keyth Maquimot

Christmas tree sa umaga
Estudyante'y sagana
Signal kang may hahaha

G-CLASS

Keyth Maquimot

Sa pag-aaral namin
Si prof may handog samin
Impotanteng gawain

DAMAT

Keyth Maquimot

Dumating na may balak
Kalaban na lumantad
Sa entries ko'y tumambad

ELEKSYON

Edna Lanete

Eleksyon na sa Mayo
Maraming kandidato
Iboboto ng tao

Ang kandidatong gusto
Magaling magserbisyo
At tapat sa mga tao

Mga plataporma nila
Ay ibabaahagi na
Upang iboto sila

Isipin ng mabuti
Ang gagawing pagpili
Di magsisi sa hulj

DASAL

Mark Lorenz Dasal

Isang simpleng salita
Sa oras ng problema
Natatanging Sandata

KALAT

Maria Camella Maming

Huwag ka nang magkalat
Iligpit mo yan lahat
Mga Plastik at balat.

PAALAALA

Maria Camella Maming

Magaral ng mabuti
Palaging sinasabi
Ni itay sakin lagi.

ISKRIP

BALIKTANAW

GROUP 1 (STAGE PLAY)

Scene 1 : (Sa bahay)

Tatay: Nasan na ba yong anak mo? bakit di pa sya bumababa. (Tanong nya sa kanyang asawa)

Nanay: Pinuntahan ko na sya kanina siguro baba na rin sya mamaya. (Mahinanahong tugon ng Asawa)

(Maririnig ang mga yapak ni Maria Nieves na dali-daling bumababa ng hagdan)

Nanay: Oh anak gising ka na pala...halika't sabayan mo na kami kumain ng papa mo,

Tatay: Bakit parang bihis na bihis ka, may lakad ka ba, saka bakit ganyan ang suot mo.(Dugtong nito sa sinabi ng kanyang asawa)

Nieves: Hindi ako makakasabay ng pagkain sa inyo, may lakad kasi ako hinihintay na ako ng barkada ko, doon nalang ako kakain.

Nanay: Pambihira kasi kung anong oras ka na umuuwi sa gabi tapos kaaga-aga aalis ka na naman...(Sermon nito sa kanyang anak)

Nieves: Ma... kaya ko na sarili ko tsaka malaki na ako no,(Sagot nito sa tonong pagmamataas)

Tatay: Anak makinig ka naman samin ng mama mo, kahit ngayon lang igalang mo naman kami.(Sa tonong nag-aalala)

Nieves: Aalis na ako..(Mabilisan nitong sagot sabay labas ng pintuan)

Nanay: Hindi ko na alam kung ano ang gagawin jan sa anak natin..

Tatay: Kahit ako'y naguguluhan na rin sa ugaling meron sya.

Scene 2: (Sa park)

Barkada: Uyy, nakasimangot ka, okay ka lang?

Nieves: Hayy naku! aga-aga nakapag-umagahan ako ng sermon.

Barkada: sino? parents mo.

Nieves: Sino pa ba, hindi naman habang buhay sila ang masusunod sa gusto ko.(pagkayamot na sinabi nito)

Barkada: Enjoy na lang natin yan... ano game ka ba?

Nieves: Sige... total nasira na araw ko, gawin natin kung ano makakapagpapasaya sa araw ko.

Barkada: Okey guyss....kayo na bumili ng curls(excited na sinabi ng isa sa mga barkada).....At syempre di mawawala yung drinks diba. (Pabulong na dugtong nito)

Habang nag-eenjoy ang barkada...

Nieves: Ang saya grabe...wohowww....kayo jan inom tayo...woowww...

Barkada: Hoyy...huminahon ka nga wala tayo sa party no...baka mamaya sumayaw ka pa jan...(katuwaang sagot ng barkada)

Nieves: Oyyy ikaw.....Sino ka sa tingin mo ha... (pabaling na tingin nito sa mga tao sa park)

Nagkaroon ng ingay at doon na sila nasita ng mga police officer, at habang tinatago ang kanilang mga pinamili...

Officers: Hindi nyo ba alam violations yang ginagawa nyo, ano to ha, umiinom kayo at dito pa sa park(pananalita ng isa sa mga officers)

Nieves: Sir, walang mali sa ginagawa namin..nagkakasiyahan lang naman kami.

officer: Ahh hindi....Alam ba to ng parents nyo..ang babata nyo pa.....pati suot nyo oh ano yan.....Sige sa prisinto nalang kayo magpaliwanag.

Habang nasa prisinto kasamang pinatawag ang mga magulang

Officer: Mam, Sir, Hindi nyo ba alam na ang anak nyo eh..... gumawa ng violations at sa park pa.

(sisingit si Nieves)

Nieves: Wala kaming ginagawa no, anong mali don? (inis na sagot nito)

Nanay: Ahh sir, hayaan nyo pong ako na kumausap sa anak namin. (Mahinahong tugon niya sa pulis)

Nieves: Ano yan...di nyo na ko kailangan kausapin Ma. Mas paniniwalaan nyo ba sila kesa saken na anak nyo. (Mataray na sagot nito)

Tatay: Hoy Nieves, ayusin mo pananalita mo hindi ko gusto tono ng boses mo ha.

Matapos masolusyunan sa prisinto.....diretso na sa bahay.

Nanay: Anak, ano problema mo ha, hindi ko na alam kung ano pang salita ang sasabihin ko sayo para magtanda ka (pasigaw na salita ng ina na naluluha)

Nieves: Bakit ba? Masama bang magsaya kasama ang barkada ko ha? anong mali don sige nga? (Taas boses na sabat nito sa ina)

Tatay: abahh..hoy sumasagot ka na ha. Igalang mo ang mama mo. Ano ba tumatakbo jan sa utak mo ha para umasta ka ng ganyan (pagalit na sabi ng ama)

Nieves: Tama naman ako ah, wala na ba akong karapatan magsalita sa pamamagay nato! (sigaw nito)

Nanay: Talagang....(gulat na tugon nito habang pinipigil ang galit sa anak)

Tatay: Walang galang ka na Nieves hah...maayos ka namin pinalaki.....epekto ba yan ng barkada mo. Simula ngayon hindi ka na lalabas sa gabi at ibibigay mo saken yang cellphone mo. Mula ngayon matuto kang gumalang at maging responsable. (napupunong sigaw nito sa anak)

Nanay: At kung makapag-suot ka ng ganyan kala mo kaya mo na sarili mo, pano kung mabastos ka ng sino jan ha.....(papaiyak na sinabi nito sa anak).....Nieves...anak....mahiya ka naman magulang mo kami ..hindi kami nagkulang sayo para maging ganyan ka. Maayos naman ang buhay mo dito ah...

(Sasabat si nieves)

Nieves: Hiningi ko ba sa inyo yon....malaki na ako, kung ano gusto ko gagawin ko. Kaya ko na sarili ko..(padabog at sigaw nitong sinabi habang patungo sa kwarto)

SCENE 3(PROBINSYA)

LOLA: maligayang pagdating apo kamusta naman ang byahe mo?

Nieves: Okay lang lola pasok na ho ako, Ay saan ho nga pala ang kwarto ko? (sagot nito sa kanyang lola na animoy dalidali)

Lola: Ay, halika apo hayaan mong ihatid kita sa kwarto mo

Lola: Apo , ito ngapala ang kwarto mo pagpasensyahan muna dahil hindi ito ganun kaganda tulad ng kwarto ko sa maynila pero malinis naman ang mga gamit dito sa katunayan eh maghapon akong naglinis dito at pinaltan korin ng bago ang mga kurtina dito para sa pagdating mo apo miss na miss na kita.

Nieves: Okay na ho ito kaya ko namang pagtiyagaan , saka hindi rin naman ho ako magtatagal dito dahil sigurado akong ipasusundo rin ako nila mama at papa alam kung hindi nila ako matitiis .

Nieves: Maari niyo na ho akong iwan gusto kuna magpahinga .(mga salita nitong animoy walang pakialam sa kanyang lola)

(Pagkalabas ng lola sa kwarti ay agad nitong kinuha ang telepono upang tawagan ang anak)

Lola: Hello mario

Mario: oh nay napatawag ka nakarating napo ba ang apo niyong si Nieves?

Lola: Oo nakarating na siya, nandon hinatid ko sa kwarto niya nagpapahinga

Mario: ehh Bakit po kayo napatawag nay may problema po ba

Lola: Bakit ganun ang apo kung si Nieves bakit hindi na siya katulad ng dati ni hindi niya ako niyakap o binati manlang

Mario: Nay tatapatin napo kita sa totoo niyan yan ang dahilan kung bakit namin pinadala jan si Nieves dahil umaasa kami na mababago pa ang ugali niya kapag naransan niya ang buhay sa probinsya at ang buhay na naranasan ko sa pangangalaga niyo.

Mario: Nay umaasa ako na matutulungan niyo ang apo niyo upang magbago

Lola: Ngayon ay nauunawaan kuna , mga kabataan talaga ngayon napaka pasaway oh siya ako nang bahala sa apo ko.

Mario : Salamat ho nay mag iingat ho kayo palagi jan

pagsapit ng gabi kumakatok ang lola sa pintuan ng kanyang apo upang tawagin ito para kumain

Lola: Apo, apo kakain na lumabas kana jan

Nieves: Hindi ho ako nagugutom

Lola: Apo naman paanong hindi ka nagugutom ay kaninang tanghali kapa hindi kumakain lumabas kana jan at lalamig ang pagkain

Nieves: Kakaina nalang ho ako mamaya pagnagutom ako

Lola: hindi ako aalis dito hanggang hindi ka lumalabas jan, apo naman dalwa nalang tayo dito sa bahay hindi paba tayo sabay kakain.

Lola: Lalabas na ho

(Nasa hapag kainan na ang maglola)

Nieves: what is this ? Nakakain ba ito

Lola:Hindi kapa ba nakakain ng Papaya apo pasensya kana Hindi pa ako nakakapamalengke, Hayaan mo bukas na bukas din mamalengke ako.

Nieves: Pipilitin ko nalang ho kainin

Lola:Paminsan minsan kumain karin ng gulay apo masustansya yun tingnan mo nga yang katawan mo ang payat payat muna

Nieves: Pwede ho ba wag niyo na akong pakialaman kakainin ko kung anong gusto kung kainin

Lola: Sorry apo sige na kumain kana para makatulog kana at lumalalim na ang gabi

(matapos kumain sii Nieves pumasok na siya sa kanyang kwarto, Maya maya ay kinuha ang kanyang cellphone at tinawagan ang kanyang ama

Nieves: Hello pa

Mario: Oh anak napatawag kamusta jan sa probinsya? nag eenjoy kaba?

Nieves: Bakit naman ako mag eenjoy dito pa si lola lang kasama ko sa bahay tapos ang dami pang demand ,Pa ipasundo muna ako dito jan nalang ako sa manila

Mario: Sorry anak pero hanggat hindi mo binabago yang ugali mo at Hindi ka nagtatanda mananatili kajan sa lola mo

Nieves:Pa hindi ko kaya magtagal dito nababagot na ako

Mario : Anak jan ako lumaki masaya mamuhay sa probinsya kailangan mulang pagtuunan yung mga bagay sa paligid mo saka pakiusap lang Sana igalang mo naman ang lola mo matanda na siya swerte mo panga dahil may lola kapa

(Agad binaba ni Nieves ang telepono pagkarinig sa mga sinabi ng kanyang ama)

Marites: Sino yung kausap mo?

Mario: Anak natin gusto niyang ipasundo ko na siya na alam mo namang hindi ko gagawin dahil wala pa akong nakikitang pagbabago sa kanya gusto kung maranasan niya ang buhay probinsya at kung ano ang pagkakaiba sa buhay niya ditonsa maynila

Marites: Wag Kang mag alala may tiwala ako sa anak natin alam kung kaya niya mag bago

(kinaumagahan agad na pumunta ang lola sa kwarto ni Nieves para gisingin)

Lola: Apo gising na hindi bat linggo ngayon samahan mo ako sisimba tayo sa bayan

Nieves: Inaantok pa ho ako saka pagod parin ho ako

Lola: Apo bakit ang diyos ba napagod ba siyang gabayan at bigyan ka ng biyaya sa araw araw saka apo linggo lang ang hinihiling ng diyos isang araw lang sa loob ng isang linggo hindi mo paba ibibigay sa kanya, napakaraming araw na maari kang magpahinga kaya naman itong araw na ito ay ibigay muna sa kanya

Nieves: Ito na ho magbibihis na dami pang sinasabi eh

(pagkalabas nito sa kwarto)

Lola: Nieves apo bakit naman ganyan ang suot mo sobrang iksi pwede kabang magpalit ng mahaba haba jan sa suot mo saka yung hindi kita yang dibdib mo sagradong lugar yung pupuntahan natin kaya hindi angkop kung yan ang isusuot mo

Nieves: Sasama na ho ako diba bakit kilangan pati suot ko pakikialaman niyo saka sa manila naman ganito ang sinusuot

Lola: Apo iba dito sa probinsya pagtitinginan kalang ng tao kung yan ang isusuot mo pagsimba saka baka pagisipan kapa ng masama gusto mo bayon?

Nieves: ito na ho magpapalit na

(Agad naman itong nagpalit at nagsuot ng maayos na pananamit)

Lumipas ang ilang buwan

na ganoon pa rin ang tingin ni Nieves sa buhay Probinsiya

Nang isang araw tinawag siya ng kanyang lola sa kwarto Neto.

Lola: Apo Halika (bati neto ng May ngiti sa labi, Ngunit ang boses ay labis na panghihina)

Lumapit sa kanya si Nieves at umupo sa upuan katabi ng kama ng matanda

Lola: Natatandaan mo ba ang librong ito apo?

Hindi nakasagot si Nieves sa tanong ng matanda kaya nagpatuloy ito sa pagsasalita

Lola: Madalas kong ipakita sayo ang librong ito apo noong bata ka pa, lagi mo akong kinukulit na ipakita sayo ang laman nito ngunit lagi akong tumatanggi, pero ngayon hayaan mong ibahagi ko sayo ang nilalaman ng librong ito.

Nagsimulang buklatin ng matanda ang pahina

Labis na gulat ni Nieves ng makita ang isang dalaga na kamukhang kamukha niya sa larawan na ang tanging pagkakaiba lang nila ay ang kanilang kasuotan.

Nieves: Lo....la Lola sino siyaaaa? Ba- bakit kamukha ko siya?

Ngumiti ang matanda sa kanya

Lola: Iyan ang lola mo ng kabataan ko pa. Kuhang kuha mo ang lahat sa amin kaya labis na lamang ang tuwa ko ng dumating ka sa buhay namin.

Nagbuklat pa siya ng ibang pahina

Lola: Ibang-iba nga lang ang itsura ko dito sa kung anong itsura mo ngayon. Noon pinalaki akong alaga sa disiplina ng aking ama at ina. Sa takot ko sa kanila kailangan kong sundin kung ano mang utos ang dapat nilang gawin.

Lola: Malupit ang naging buhay ko noon na Hindi ko pinaranas kahit kailan sa Papa mo. Pinangarap ko rin na makapagliwaliw gaya ng ibang kabataan. Makapunta sa mga sayawan ng bayan, maranasan ang ligawan, at dahil isang anak na babae ako ng ama at ina tinago nila ako sa tao na parang isang babasaginna bagay na kapag nilabas ay mababasag. Ang ating apelyido ay sikat sa

lalawigan ngunit kung gaano ito kasikat ganon naman pinagkait sa akin na ipakilala ako sa ibang tao.

Lola: Kung ano at paano ka disiplinahin ng magulang mo ngayon ay sobrang malayo sa paraan ng pagdisiplina sa akin apo. Natutuwa nga ako dahil ang gandang pag-aari ng lola mo ay namana mo. (sabay tumawa ito ng mahina) Dahil kahit kailan ang ganda ko ay hindi ko naipagmalaki sa lahat.

Masaya ako na naeenjoy mo ang iyong kabataan, masaya ako na nararanasan mo ang mga bagay na ipinagkait sa akin noon. Huwag lang abusuhin apo mahalin mo ang mama at papa mo kahit para lang sa akin.

Naiiyak na si Nieves dahil nawawari niyang nagpapaalam na ang matanda.

Nieves: Lola naman wag naman po kayong magsalita ng ganyan.

Lola: ibinibigay ko sayo ang librong ito. Dito ko Sana ilalagay ang mga litrato ko kaso hindi ko napuno dahil hindi rin ako nakapag enjoy noong kabataan. Ilagay mo lahat ng litrato mo dyaan. Gusto kong maging masaya ka sa mga bagay na gusto mong gawin. Alam ko na mabait kang bata apo, kung mawawala man si lola masaya ako dahil na kwento ko sayo ang mga bagay na nahihiya akong ikwento sa iba.

Nieves: Lola ano ba itong sinasabi mo. Ayoko ayokong mawala ka. Dito ka lng please hindi na ako uuwi ng Manila dito na ako dito na ako wag ka Lang mawala

Ngumiti siya sa apo

Lola: Mahal na mahal kita apo. Mahal na mahal ko kayo ng Papa At mama mo. Hindi mawawala si lola lagi siyang andito. Napakaganda sayo ng pangalan na Snow iha.

(Hinawakan niya ng mahigpit ang kamay ng lola habang umiiyak na, at ilang segundo lang ay kusa ng bumitaw ang lola niya sa pagkahawak sa kanyang kamay)

Makalipas ang isang taon simula ng pumanaw ang matanda nagbago na si Nieves tinupad niya lahat ng gusto nito at namuhay siya ng naayon sa sinabi ng matanda.

Wakas

LIHAM

GROUP 2 (RADIO PLAY)

Narrator: Si Jose at Maria ay pitong taon ng kasal ngunit sa tagal na nilang nagsasama ay hindi pa rin sila nabibiyayaan ng anak. Isang mangingisda si Jose at tanging pagtitinda naman ng isa ang kinabubuhay nila. Ginawa nila ang lahat ng kanilang makakaya upang magkaroon ng anak, ilang doktor na ang kanilang nilapitan, ilang gamot na rin ang kanilang sinubukan ngunit wala pa ring nangyare. Hanggang sa niyaya sila ng isa nilang kaibigan na magdasal sa puong santo nino sa paniniwala na didinggin nito ang anumang kahilingan na nanaisin ng sinumang sumampalataya sa kanya. Hindi na ito pinalampas ng mag-asawa sa kagustuhang magkaanak. Makalipas ang isang taong pagiging deboto ng mag-asawa sa nasabing santo, sa wakas dininig na ng puon ang kanilang hiling, nagdadalang tao na si Maria.

Jose: Napakagandang bata

Maria: Oo nga mahal, Trisha ang nais kong ipangalan sa kanya

Jose: Trisha, napakagandang pangalan para sa isang magandang sanggol

Narrator: Tinuon ng mag-asawa ang kanilang oras sa pag-aalaga kay Trisha, dahil bulag si Maria ay si Mario lang ang nagtatrabaho para sa kanilang pamilya at kahit hirap sa buhay ay sinunod nila ang lahat ng luho ng bata dahil sa pagmamahal nila rito.

Trisha: Itay, gusto ko po ng bagong damit, sapatos at laruan.

Jose: Sige anak pag-uwi ko bibilhan kita

Maria: Oo anak, hindi lamang mga bagong damit at sapatos ang ibibigay naming sa iyo kundi

papag-aralin ka din naming sa magandang eskwelahan. Mahal ka namin anak.

Narrator: Lumipas ang panahon at dalaga na si Trisha,

ibang-iba ang naging ugali nito kesa sa inaasahan nina Jose at Maria dahil napabarkada ito kayna Ivan, duon natuto siyang mag cutting classes, magbisyo, uminom, at umuwi ng hating gabi.

Maria: Anak gabi ka na naman umuwi, sinong mga kasama mo, sabi ng teacher mo hindi ka daw pumasok sa klase kanina. May problema ka ba?

Trisha: Wala po inay, may ginawa lang po kami ng mga kaklase ko kaya gabi na ako nakauwi. Pasensya na po.

Jose: Sige anak, sa susunod ay magsabi ka kung saan ka nanduon para hindi kami nag-aalala ng nanay mo. Sige magpalit ka na at kumain.

Narrator: Dahil sa pagmamahal ng mag-asawa kay Trisha ay malimit nila itong pinapagalitan at ayaw nilang lumayo ang loob nito sa kanila. Dito na nangyari ang hindi inaasahan.

(Nagbabagyo)

Maria: Naku ang lakas ng hangin at ulan baka madala ang bahay natin mahal.

Jose: Tinibayan ko ng pagkakatali ang bawat haligi, wag ka na mag-alala mahal.

Jose: Sandali ang bangka ko, nakalimutan ko itabi, baka madala ng alon. Sandali at itatabi ko muna.

Maria: Wag na Jose, napakalakas ng hangin at ulan, dito ka na lang sa loob ng bahay. Hintayin na lang muna natin na bahagyang humina bago ka lumabas.

Trisha: Oo nga po itay, dito ka na lang sa loob bahay, dito tiyak na ligtas tayo.

Jose: Sandali lamang ako mahal, mag-iingat ako

Trisha: Itay wag na po

Narrator: Hindi nagpapigil si Jose upang maitabi ang kanyang bangka, at habang itinatabi niya ito ay biglang kumidlat ng malakas at natamaan siya at hindi na naisalba pa ang kanyang buhay, pumanaw si Jose. Sa pagkawala ni Jose ay naisipan ni Mariang magpaupa sa paglalaba sa kabila ng kaniyang kapansanan upang magkaroon ng panggastos sa araw-araw at pangtus-tos sa pag-aaral ni Trisha. Si Trisha naman ay lalong nag-iba ang pag-uugali ng mawala ang kanyang ama, nawalan na siya ng dereksyon sa buhay.

Trisha: Inay may pera ka po ba dyan, may kailangan lang kase akong bilhin.

Maria: Meron naman anak, may kita ako ngayon sa paglalaba, oh heto.

Trisha: Sige po Inay, aalis na rin po ako.

Maria: Kakadting mol ang anak ah, kanina pa kita hinihintay umuwi para sabay na tayo sa pagkain tapos aalis ka na agad?

Trisha: Ah oo inay, may pupuntahan pa kasi ako, sige po

Maria: Sige anak mag-ingat ka.

Narrator: Minsan na lamang kung umuwi si Trisha kaya hindi niya alam kung ano na ang nangyayari sa kanyang ina. Uuwi lamang siya kapag kailangan niya ng pera para sa pang bisyo niya. Hindi niya inisip kung gaano nahihirapan ang kaniyang ina sa pagtatrabho lalo pa at bulag ito.

(inuubo si Maria)

Gng. Emily: Maria, umuwi ka na hindi maganda ang pakiramdam mo, huwag mo ng tapusin iyan. Babayaran na lang kita kahit hindi mo tapos ang mga labahan na iyan, umuwi ka at magpahinga.

Maria: Maraming Salamat po Gng. Emily, pasensya na po at hindi gaanong maganda ang pakiramdam ko. Babawi po ako sa susunod.

Gng. Emily: Oo sige, sa ngayon ay mas mahalaga ang kalusugan mo. Teka nasaan ba ang anak mo? Bakit hindi siya ang mag trabaho e siya ang mas bata at kompleto ang parte ng katawan.

Maria: Nag-aaral po iyon kaya hindi ko pinag tarabaho tsaka kaya ko pa naman po.

Narrator: Unti-unti ng lumalala ang kalagayan ni Maria, at wala sa kanyang tabi ang kaniyang anak upang alagaan siya. Isang

Isang araw umuwi si Trisha ng lasing.

Trisha: Inay buksan mo ang pinto.

(Namimilipit sa sakit si Maria habang tumatayo)

Maria: Anak ikaw pala iyan, sandal at bubuksan ko

Trisha: Antagal naman, handaan mo ako ng pagkain, nagugutom ako.

Maria: Anak pasensya na, may sakit kase ako, hindi ako makakilos ng maayos kaya hindi ako nakapagluto bumili ka na lang sa labas ng makakain.

(Galit na sumagot si Trisha)

Trisha: Anu ba yaan, minsan na nga lamang ako kung umuwi tapos wala pa akong madadatnan na pakain? Napakawalang kwenta mo namang bulag ka. Sige aalis na lang ako

Maria: Anak sandali, anak….

Narrator: Tumulo ang mga luha sa mata ni Maria sa kaniyang napakinggan, hindi niya inaasahan na sa kabila ng pagsisikap niya para lamang mabigyan ng maayos na buhay ang kanyang anak ay ganun pa ang kanyang matatanggap na mga salita.

(Isang Lingo ang makalipas ng umuwi ulit si Trisha)

Trisha: Inay! Inay! Nasaan po kayo? Andito po ako

Narrator: Ilang beses tumawag si Trisha ngunit walang inay na nagbubukas ng pinto para sa kanya kaya naman dali-dali siyang pumasok sa loob ng bahay upang hanapin ang kanyang ina. Isang malamig na bangkay na ang kaniyang nadatnan pag-uwi, ang kaniyang inang wala ng buhay.

(Humagul-gol sap ag-iyak sa Trisha)

(CAMILLA) Trisha: Inay!!!!!!! Bakit mo ako iniwan, tayo na nga lang dalawa iniwan mo pa ako, inay gumising ka huhuhuhu Inay!!!!!!!!!

(EMMAN) Narrator: Napansin ni Trisha ang isang liham sa lamesa na galing sa kaniyang ina. Binasa niya ito at pumatak ang kanyang luha matapos niya itong basahin.

Ang laman ng liham:

Mahal kong Anak,

Sa tagal naming nagsasama ng iyong ama ay hindi kami binigyan ng Panginoong Diyos ng isang supling, kaya naman ginawa naming ang lahat upang magkaroon. Kaya naman laking pasasalamat naming sa Diyos dahil binigay ka niya sa amin at pinangakong aalagaan at mamahalin ka ng higit pa sa aming mga sarili. Alam mo anak, ng ipinanganak ka ay isa kang bulag at dahil sa sobra kong pagmamahal sa iyo ay binigay ko sa iyo ang mga mata ko upang masilayan mo ang mundo, hindi na baleng mahirapan ako basta sa ikaaayos ng buhay mo. Ngunit sa kabila ng sakripisyo at pagmamahal na binigay namin sayo ay tila naging kulang pa ito upang mapalaki ka naming ng maayos. Alam kong hindi na ako magtatagal dito sa mundo kaya naman nais kong malaman mo na kahit minsan ay hindi kami nagsisi na ikaw ang binigay ng Diyos sa amin, tandaan mo na lagi kaming nakagabay sa iyo. Mahal na mahal ka namin anak, hanggang sa muli.

Inay,

Narrator: Nagsisi man si Trisha sa kanyang mga nagawa ngunit hulina ang lahat, wala na ang kanyang mga magulang. Kaya naman nag sumikap siya sa

buhay at tinupad ang kagustuhan ng kanyang mga magulang.

WAKAS

A DAY IN MY LIFE

GROUP 3 (SCREEN PLAY)

TAUHAN

PATRICK

INA NI PATRICK

A Day in my Life

Malayelo na simoy ng hangin, sa loob ng kuwarto balot na balot pa sa kumot at para bang ayaw pang bumagon ni Patrick. Sa murang edad pa lamang ay mulat na sa reyalidad si patrick dahil bata pa lamang siya ay nangulila na agad siya sa kanyang ama. Dahil sa kahirapan ng buhay ay kinailangan ng kanyang ina na sumuuong sa pagtatrabaho sa ibang bansa.

FADE IN

INT.KWARTO.UMAGA

Kringgg! Kringgg! Kringgg! Tunog ng alarm ni Patrick na mula sa kanyang Cellphone. Malamig ang simoy ng hangin, nakabalot pa sa kumot si Patrick at parang ayaw pang bumangon. Kinuha niya ang kanyang Cellphone at pinatay ang alarm.

PATRICK (V.O.)

Haysstt, Umaga na naman! Panibagong araw, Panibagong pag subok.

Sinimulan na ni Patrick ang pag liligpit ng kanyang tinulugan.

SA ISANG SULOK NG KWARTO

Kinuha ni Patrick ang kanyang Cellphone at umupo sa isang bangko. Binuksan niya ang kanyang data at tiningnan niya ang kanyang messenger.

PATRICK (V.O.)

(hawak ang cellphone)

May klase kaya kami ngayon?

Pagkatapos ni Patrick mag Cellphone ay

Nagtungo siya sa kanilang kusina.

IKALAWANG TAGPO.KUSINA.UMAGA

Nag hilamos si Patrick ng kanyang mukha, at kumuha ng tasa upang mag timpla ng kape para sa kanyang umagahan.

(Kumakain)

Pagkatapos ay hinugasan niya ang kanyang pinagkainan at sinimulan na ni Patrick ang pag lilinis ng kanilang loob ng bahay. (Nagwawalis ng sahig)

IKATLONG TAGPO.SA SALA.UMAGA

Ting! Ting! Ting! Tumunog ang cellphone ni Patrick.

(Nilapitan ni Patrick ang kanyang Cellphone at kinuha)

PATRICK (V.O)

(boses na nabigla)

Hala! Na expired na ang load ko, san ako kukuha ng pang pa load, eh hindi pa nagpapadala si inay?

Agad tinapos ni Patrick ang kanyang ginagawa, at tiningan ang kanyang pitaka. Ang laman lang nito ay barya na sakto lang na pambili niya ng ulam.

Dahil sa masinop na bata is Patrick ay meron siyang alkansyang hinuhulugan ng pera para sa kayang biglaang pangangailangan.

PATRICK

(Nagbibilang ng barya sa alkanysa)

isa, dalawa, tatlo, apat, sakto na kaya ito para sa load?

Iniligpit ni Patrick ang alkansya at nagtungo siya sa Tindahan.

PATRICK

Paload po!

TINDERA

Magkano?

PATRICK

100 po.

Ting! Ting! Ting! Natanggap na niya ang load at nagtungo siya sa kanilang bahay, Pagdating ni Patrick sa kanilang bahay ay ginayak ang kayang sarili para sa klase.

SA ISANG SULOK NG SILID

Umupo si Patrick sa kayang bangko at sinimulan ang kanyang pag-aaral sa online class. Biglang nawalan ng signal ng internet kaya naman lumabas si Patrick para mag hanap ng signal.

SA LABAS NG BAHAY. UMAGA.

PATRICK

(naglalakad dala-dala ang banko at ang kayang telepono)

Hala, saan may signal? Paano ako matututo nito? Anong isasagot ko sa aming quiz?

Nakahanap si Patrick ng Signal sa Harap ng kanilang bahay, at kahit may kainitan at di nita ito ininda para lamang siya ay may matutunan

PATRICK

(nakataas ang kamay hawak hawak ang telepono)

Yown! dito may signal!

PAGKALIPAS NG ILANG ORAS

Natapos na ni Patrick ang kanyang klase, Nakaramdam siya ng pangangalam ng sikmura kaya naman nagtungo siya sa kanilang kusina upang at kumain ng Tanghalian.

SA KUSINA

Tiningnan ni Patrick ang kanilang lamesa kung ano ang pwede niyang i ulam, nakita niya ang isang balot na tuyong isda. Niluto niya ito at sinawsaw sa suka at toyo.

SA SILID KAINAN

(Umiiyak si Patrick habang kumakain dahil nangungulila siya sa kanyang ina)

SA ISANG SULOK NG BAHAY

Tinuloy ni Patrick ang kayang pag-aaral. (Nagbabasa at nagsusulat)

Nakaramdam ng pagod si Patrick at hindi niya namalayan na siya ay nakatulog na.

PAGPAPATULOY

(Pagkagising ni Patrick ay agad niyang tiningnan ang oras sa kayang Cellphone, pagakatapos agad niyang niligpit ang kayang mga gamit)

IKAPAT NA TAGPO.SA LABAS NG BAHAY.HAPON

Naglalakad si Patrick habang dala dala ang dalawang Timba ng tubig, nakarinig siya ng mga batang nagtatawanan at hinanap niya kung saan nanggagaling ang tawanan.(nakita niya ang mga batang naglalaro)

Tinuloy ni Patrick ang kayang paglalakad ng siya ay biglang matalisod ng bato. Nabubo ang dala niya tubig. Habang papatayo si Patrick at may nagabot sa kanya ng kamay na para bang nagnanais na siya ay tulungan.

Napaiyak si Patrick na makita ang mukha ng nagaabot ng kamay. Ito ay ang kayang Ina na asa ibang bansa.

PATRICK

(nabigla habang umiiyak)

Inay?

INA NI PATRICK

(inabot ang kamay ni Patrick)

Anak!

Tumayo si Patrick Niyakap nila ang isat-isa.

Fade Out

**

Fade In

SA SILID KAINAN.GABI

Masayang kumakain ng Hapunan si Patrick at ang Kayang Ina. Kitang kita sa mga mata ni Patrick ang saya dahil may kasama na niya ang kanyang ina sa darating na pasko.

PAGBABALIK TANAW

PATRICK (V.O)

(binabalikan ang mga nangyari sa buong araw)

Mahirap man ang buhay at kahit madami pang pagsubok ang ating pinagdadaan, huwag tayong sumuko. Palaging andyan ang ating mga magulang na silang gumagabay at sumusuporta sa atin.

Fade out

***

APENDIKS

PANGALAN NG MGA NAG BIGAY NG KONTRIBUSYON SA LITERARY FOLIO NA ITO.

GROUP 1
MARK LORENZ DASAL
MA, KHRISTINA LAGANCIA
EDNA LANETE
KEYTH MAQUIMOT

GROUP 2
DEN MARK MEDIANA
EMMANUEL MATINING
JOVIMAE MURILLO
MARIA CAMILLA MAMING
SHEAN LYSTER MATINING

GROUP 3
KENT XAVIER NERI
IVAN RIZADA
PATRICK SADICON